cognizancejournal.com
Aries L. Busacay *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 206-215
**(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)**
**ISSN: 0976-7797**
**Impact Factor: 5.183**
**Index Copernicus Value (ICV) = 77.57**

# Kasanayan sa Paggamit ng mga Bantas ng mga Mag-aaral sa Grade 11

**Aries L. Busacay[1]; Mariar T. Jaravata[2]; Marlet V. Malanom[3]; Clarence E. Mamuyac Jr.[4]; Maria Lourdes G. Eguia[5]**

Graduate School, Baguio Central University, Baguio City, 2600
Cordillera Administrative Region, Philippines
aries.busacay@deped.gov.ph; Mariar.tamondon@deped.gov.ph; marlet.vasadre@deped.gov.ph; Clarence.mamuyac@deped.gov.ph; marialourdesgeguia@gmail.com
**Correspondence:** perfecto_lopez@yahoo.com

**DOI: 10.47760/cognizance.2025.v05i01.017**

***Abstrak:*** ***Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas ng mga mag-aaral sa Grade 11. Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa Rizal National High School, Baguio City, taong panuruan 2024-2025. Ang mga tagatugon ay binubuo ng dalawampo't siyam (29) na mga mag-aaral mula sa isang seksiyon sa Grade 11. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang talatanungan para sa kinakailangang datos at ito ay sinuri batay sa kinalabasan ng pag-aaral gamit ang Deskriptibong Pananaliksik, Kwantitatibong Pamamaraan, Quasi-experimental, Pre-test at Post Test, Pag-aanalisa at Interpretasyon. Ang sumunod ay ang kinalabasan ng pag-aaral ay Kasiya-siya ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral bago matalakay ang wastong gamit nito; Mahusay ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral pagkatapos matalakay ang wastong gamit nito; Makabuluhan ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod ang naging konklusyon: Ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral bago matalakay ang wastong gamit nito ay Kasiya-siya sa kadahilanang ang unang nakasanayan na wika ng mga mag-aaral ay wikang Ingles; Ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral pagkatapos matalakay ang wastong gamit nito ay Mahusay dahil sa wastong patnubay at pagtuturo ng guro sa wastong gamit ng bantas; Ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas ay may kabuluhan dahil sa matiyagang pagtuturo ng guro sa wastong pamamaraan sa paggamit ng bantas.***

***Susing Salita:*** ***kasanayan, bantas, pre-test at post-test, Quasi-experimental.***

## I. INTRODUKSYON

Ang mga bantas ay mga simbolo na nagpapakita ng kayarian at kaayusan ng nakasulat na wika at pati na ang intonasyon. Sa nakasulat na Tagalog, ang bantas ay mahalaga upang maging malinaw ang kahulugan ng mga pangungusap. Ang mga panuntunan ng pagbabantas ay pabago-bago ayon sa wika, lokasyon, rehistro, panahon o oras, at patuloy itong nagbabago. Ang ilang partikular na mga aspeto ng bantas ay may istilo na ayon sa pagpiling ginawa ng may-akda o ng patnugot (Beldad, et. al. 2020). Ang bantas ay mga simbolong nagdidikta sa pag- antala, diin, at intonasyon na kung saan ay makatutulong sa mga mambabasa na maintindihan ang

*©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved* 

cognizancejournal.com
Aries L. Busacay *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 206-215
**(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)**
**ISSN: 0976-7797**
**Impact Factor: 5.183**
**Index Copernicus Value (ICV) = 77.57**

anumang sulatin. Ito rin ang nagiging tulay ng mga salita, parirala at sugnay upang lubos na maunawaan ang ipinahihiwatig ng babasahin.

Kung tayo ay magbabalik-tanaw sa sinaunang paraan ng pagsulat ng mga Pilipino ay makikita nating mayroon lamang tatlong mukha ang bantas. Una, ay ang isa |, o dalawang guhit || na patayo, na ayon sa kagustuhan ng manunulat at siyang nagsisilbing tuldok o kuwit nila noon. Pangalawa, ay ang kudlit, ginagamit ito bilang pananda sa paraan ng pagbigkas (I o E kung ang kudlit ay nasa itaas, at O o U kung ang kudlit ay nasa ibaba).

Isinaad sa aklat na Writing Skills for College Freshmen na ang tama, malinaw at epektibong pagsusulat ay nakadepende sa wastong pagbabantas. Kung walang pagbabantas, ang wikang pasulat ay hindi makapagpapakita o makapagbibigay ng tiyak na mga katangian ng pananalita (Villanueva, et.al. 1993). Ayon sa isang pag-aaral, naitala na ang Pilipinas ang pinakamahina sa pag-intindi sa binabasa sa 79 na bansang lumahok. Ang kahinaan sa pag- unawa sa binasa ay hindi lamang nakasalalay sa lawak ng kaalaman ng nagbabasa kundi pati na rin sa kung paano niya binasa ang isang sulatin (Arcila, 2019).

Ayon kay Crystal (2017), marami sa atin ang hindi alam ang kahalagahan ng tamang paggamit ng bantas sa pagsusulat at pagsasalita. Hindi ito dapat balewalain sapagkat ang gramatika ay ang pinakamahalaga sa paggawa at pag-intindi ng isang teksto at mensahe. Ang pag-usbong ng teknolohiya ay isa lamang sa mga sagabal sa pag-aaral ng tamang gamit ng bantas, sapagkat umusbong din ang pagpapaikli at pagbabawas ng mga salita gamit ang bantas kaya ang pag-iintindi ay minsang nababago. Ang pangunahing mapapansin sa mga pagbabago ngayon, ay ang pag-aangkop ng mga tradisyonal na panuntunan sa paggamit ng bantas habang tinutuklas ng mga tao ang bagong daluyan ng komunikasyon. Makikita nating pinaiiksi gamit ang pagtatanggal ng kuwit at tuldok; at pinahahaba naman sa paulit- ulit na paglalagay ng mga bantas bilang pagpapakita ng emosyon.

Ayon kay Wilde (1997), natututo ang mga bata sa pagbaybay at bantas ay sumailalim sa isang pangunahing pagbabago sa nakaraang dalawampu't limang taon, dahil ang teorya at pagsasaliksik ay nagpapakita ng mga kalinawan kung saan ang naturang pag-aaral ay isang kaalaman ng mga kumplikadong sistemang pangwika at pang-konsepto kaysa sa isang pagsasama-sama ng mga salita at aliuntunin. Ang trabaho ay nakatuon sa pangkalahatang pag-unlad sa pagbaybay at bantas, lumalaking pag-unawa ng mga bata at mga bahagi ng mga sistemang natututuhan nila, at ang mga proseso kung saan nangyayari ang pag-aaral na iyon. Ang kasiningan ay hindi ganap kung walang kawastuhan ang pangungusap. Ang prinsipyo ng kawastuhan ay nakasalalay sa tamang istrukturang pang-gramatika. Mahalaga ang pagsasaalang- alang sa mga bahagi at tungkulin ng salita sa pagbuo ng pangungusap. Mabuting pagtuunan ng pansin ang bantas (Morong, D. et. al. 2004).

Ayon sa Komisyon ng Wikang Filipino, kailangan ang mga bantas para sa malinaw na pagpapahayag ng mga kaisipan sa pamamagitan ng mga bantas na siyang naghihiwalay sa mga pahayag, parirala at salita sa isang tiyak na layunin.

Binigyang-diin naman ni Dayapan (2010) na mahalaga sa pagsulat ang paggamit ng kinakailangang bantas, gayundin ang tamang paggamit ng malaking titik maging ang palabaybayan ng mga salita, sapagkat sa pamamagitan nito, higit na lumilitaw ang dalang kaisipan at higit na naipapadama ang anumang nais ipahayag.

Isinaad ni Rumki (2005), na ang maling pagbabantas ay maaaring makasagabal sa daloy ng kaisipan at maaaring makapagpabago ng kahulugan nito, ngunit sa tamang paggamit ng bantas hindi lamang ito makatutulong sa mga mambabasa na maintindihan ang babasahin bagkus ay magagwa nitong madala ang kanyang mambabasa sa kanyang panulat.

Ayon sa pag- aaral na isinagawa ni Awad (2012), lumalabas na ang kadalasang pagkakamali sa pagbabantas ay ang sobrang paggamit ng kuwit kapalit ng tuldok, ang maling paggamit ng malaking titik, di-wastong paggamit ng panipi, at ang kamalian sa paggamit ng tuldok- kuwit.

Ayon sa pag-aaral ni Badayos (1999), maraming mag-aaral na nagpapakita ng pagkayamot at pagkabagot sa kadahilanan na sila ay walang sapat na motibasyon at kaalaman sa pagsulat at paggamit ng wastong bantas, na kung minsan hirap na hirap sa pagbuo ng mga ideya. Ito ay sinasabing bunga ng maling konsepto at hindi sapat na estratehiya sa pagtuturo patungkol sa pagsulat at paggamit ng wastong bantas.Ang pag- unawa sa isang babasahin ay hindi lamang nasusukat sa mga salitang nakapaloob dito. Maraming iba pang mga salik ang higit na

*©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved* 

cognizancejournal.com
Aries L. Busacay *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 206-215
**(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)**
**ISSN: 0976-7797**
**Impact Factor: 5.183**
**Index Copernicus Value (ICV) = 77.57**

nakapagbibigay ng kabuuang diwa ng isang pangungusap o tekstong binabasa. Kasama na nga rito ang bantas, "proper punctuation means comprehension" (Bordo 2011).

Ayon naman kay Makadados (2015), ang bantas ay mga simbolo o pananda na ginagamit sa pagsusulat upang mabigyan ng kabuluhan at kahulugan ang mga pangungusap nang sa ganun ay madaling maintindihan ang ibig ipahiwatig ng manunulat.

Isinasaad bilang pangkalahatang layunin ng Kurikulum na K to 12 ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Dahil dito, kailangang mahubog sa bawat mag-aaral ang mga pangunahing kasanayan tulad ng pagsulat upang mapakinabangan sa mas makabuluhang tunguhin. Kaya naman ang pagkakaroon ng mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa makrong pasulat ay hamon sa pagtamo ng isinaad na layunin. Samantalang ang pagsasagawa ng mga hakbang na magpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay maituturing na pangangailangan na kailangang maisakatuparan (Rapleza E. T. 2022).

Sa pag-aaral ng Programme for International Student Assessment o PISA 2018: Pang-79 ang mga mag-aaral na Pilipino sa 79 na bansa sa pag-unawa sa pagbasa, kung saan 18% lamang ng mga mag-aaral ang nakakaabot sa bahagdan para sa kahusayan. (OECD, 2019) Ayon sa pag-aaral ng Philippine Educational Placement Test PEPT 2019: 32.5% lamang ng mga mag-aaral na kumuha ng pagsusulit ang pumasa sa grammar section. Ayon sa isinagawang pag-aaral ng DepEd (2017), maraming mag-aaral na Pilipino ang nahihirapan sa mga sumusunod na konsepto ng gramatika: kasunduan sa paksa-pandiwa, artikulo, panahunan, pang-ukol, at bantas. Sa paaralan ng Rizal National High School, may kakulangan sa kakayahan sa paggamit ng bantas ang mga mag-aaral kung kaya't pinili itong pag-aaralan ng mga mananaliksik sapagkat ito ay hindi pa nabibigyang pansin. Ang layunin ng pag-aaral ay matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas. Sa pamamagitan nito ay makapagbigay ng mga gawaing lilinang sa kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral sa grade 11. Ang pananaliksik na ito ay mahalaga upang maunawaan kung paano nakatulong ang pagtalakay sa wastong gamit ng mga bantas sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ayon sa ginawang pananaliksik nina Beldad, E. et al (2020) patungkol sa paggamit ng bantas sa paaralan, natuklasan na ang paaralan ay mayroong malaking ginampanan sa kaalaman ng mga mag-aaral sa bantas sa kadahilanang ito nga ay tinatalakay sa paaralan. Masasabi rin na ang mga kalahok ay maraming nalalaman patungkol sa bantas, partikular na sa mga gawaing pampaaralan. Ngunit napansin din ng mga mananaliksik na bagamat natatalakay ito ay marami ang hindi nakakabisa sa lahat ng uri ng bantas dahil nga sa dami nito at sa iba't iba nitong gamit.

Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, natukoy kung paano maaring gamitin ang mga natutuhan upang mapabuti ang kasanayan sa paggamit ng bantas ng mga mag-aaral at maging gabay sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Tinukoy at sinuri ng pag-aaral na ito ang mga nakatulong sa pagpapa-unlad sa kasanayan sa paggamit ng mga bantas. Ang mga teorya at konseptong nagmula dito ay nagsilbing batayan upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa isinagawang pananaliksik.

Ang teoryang ito ay nagsasabing, ang panipi ay mayroong epekto sa semantika na naiiba ang literal na pakahulugan sa mga pangungusap kung walang panipi (Johnson, 2007).

Para kay Nordquist (2016), ang bantas ay binubuo ng mga pananda na ginagamit upang ayusin at linawin ang mga titik o salita sa pamamagitan ng paghihiwalay o pagdurugtong sa mga salita, parirala, at sugnay.

Binanggit sa pag-aaral nina Bugtong, et al. (2020), ang ortograpiya ay kalipunan ng mga pamantayan sa pagsulat ng isang wika. Kabilang dito ang mga pamantayan sa pagbaybay, paggigitling, pagmamalaking titik, paghinto ng salita, diin, at bantas. Ayon pa kay Reynaldo (2012), ang ortograpiyang Filipino ay sining ng pagsulat ng mga salita sa tumpak na titik alinsunod sa wastong gamit at wastong baybay. Dagdag pa ni Almario (2014), ang ortograpiya ay mula sa wikang Prances na ortografiya at sa dalawang (2) salitang Griyego na orthós na nangangahulugang "wasto" at graphein na nangangahulugang "magsulat" o "sumulat". Ang orihinal at pangunahing trabaho ng ortograpiya ay pagbabaybay o paghanap ng mga simbolo na itinatapat sa mga tunog na ginagamit sa isang wika at ang pagbuo ng mga tuntunin kung paano gagamitin ang mga ito sa pagsulat.

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay masuri ang kasanayan ng mga mag-aaral na nasa ika-11 baitang ng Rizal National High School bago at pagkatapos talakayin ang wastong gamit ng mga bantas. Makatutulong ang

*©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved* 

cognizancejournal.com
Aries L. Busacay *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 206-215
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

pananaliksik na ito upang maisakatuparan ng mga guro ang masusing pagtuturo at paggabay sa wastong gamit ng mga bantas sa pagsusulat.

## II. METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan at ang disenyo ay quasi-experimental. Ayon kay Bernales (2010), ang pananaliksik ay deskriptibo kung ito ay naghahanap ng mga karagdagang impormasyon upang patatagin at sang-ayunan ang tanggap at matatag na katotohanan. Ang deskriptibong pananaliksik ay disenyong pangangalap ng impormasyon hinggil sa mga salik na kaugnay sa paksa ng pananaliksik.

Ang mga mananaliksik ay magpapasagot ng pre-test na kung saan ay isusulat muli nila ang liham gamit ang wastong mga bantas bago natalakay ang wastong gamit ng mga bantas. Bago isinagawa ng mga mananaliksik ang post-test, tinalakay nang guro ang nilalaman ng Manwal sa Masinop na Pagsusulat na pumapaksa sa mga bagong tuntunin sa pagbabantas na inilathala noong 2014 ng Komisyon ng Wikang Filipino bilang interbensyon.Ang pananaliksik ay paglalarawan kung ito ay naghahanap ng mga karagdagang impormasyon upang patatagin at sangayunan ang tanggap at matatag na katotohanan (Green, 2001; Bernales, 2010).

Ang mga mananaliksik ay kumuha ng liham mula sa dekana ng Paaralang Gradwado ng Baguio Central University at isinagawa ang kanilang pag-aaral. Pagkatapos ay ibinigay ang liham pahintulot sa punong guro ng Rizal National High School. Sunod ay nagbi-bigay ng pasulat na pagsusulit na kung saan ay isinulat muli nila ang liham bago natalakay ang wastong gamit ng mga bantas para sa pre-test at sa post test ay pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas.

Ang mga tagatugon ay napili sa pamamagitan ng purposive sampling. Sa pangangalap ng datos, ang ginamit na instrumento ng mga mananaliksik para sa pre-test ay nagpasulat muli ng isang liham bago talakayin ang wastong gamit ng mga bantas. Samantala sa post-test, isinulat ng mga mag-aaral ang parehong liham pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas. Lahat ng mga tagatugon ay dumaan sa pre-test at post-test, alang-alang sa pagiging konsistent at balido ng mga resulta. Sa pamamagitan nito ay naipakita ng mga tagatugon ang kanilang kasanayan sa tamang paggamit ng mga bantas sa wikang Filipino.

Ang mga datos na nakalap ay nalikom, naitala at napag-aaralan nang masusi upang masuri ayon sa kinalabasan ng istatistika na inuri at ipinakita sa isang tabular na porma bago ito nabigyang kahulugan. Ang kabuuang diskriptibong hakbang ang ginamit sa pagtrato ng mga datos . Natukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag- aaral bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas. Ginamit ang t-test (Subong, 2006) na pormula sa pagtukoy kung may kabuluhang pagkakaiba ang kasanayan sa paggamit ng bantas bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas.

| Iskor | Katumbas na Pagpapaliwanag | Simbolo |
|---|---|---|
| 41 - 50 | Mahusay (Excellent) | M |
| 31 - 40 | Lubhang Kasiya-siya (Very Satisfacrtory) | LKs |
| 21 – 30 | Kasiya-siya (Satisfactory) | Ks |
| 11 – 20 | Patas (Fair) | P |
| 0 - 10 | Nangangailangan ng Pagpapabuti (Needs Improvement) | NP |

Mula sa manwal ng Komisyon ng Wikang Filipino

Bago ang pagpapamudmod at pamamahala ng mga pagsusulit sa mga tagatugon, hiningi muna ng mga mananaliksik ang pahintulot sa punong guro ng paaralan. Ang mga direksyon para sa pagsusulit ay ipinaliwanag gamit ang mga panuto bago ito isinagawa. Ang mga sagot ay iwinasto at binagyan ng interpretasyon ang mga iskor batay sa kinalabasan ng nakalap na datos mula sa mga tagatugon.

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa at tiniyak ng mga mananaliksik na mabigyan ng pansin ang mga sumusunod na etikal na konsiderasyon sa pagsaalang-alang sa isinagawang pananaliksik:

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved 

cognizancejournal.com
Aries L. Busacay *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 206-215
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Una, tiniyak ng mga mananaliksik na nakuha ang liham pahintulot sa mga kinauukulan ng paaaralang pinagmulan ng mga tagatugon ng pananaliksik. Ang mga pagsusulit ay sinigurong may
kalakip na liham na ibibigay sa mga tagtugon na nagpahayag ng mga sumusunod: 1) ang pagkaka-kilanlan ng mga tagatugon ay hindi ibubunyag bilang pagsunod sa mga probisyon ng Data Privacy Law; 2) lahat ng mga impormas-yon at datos mula sa mga tagatugon ay dapat panatilihing mahig-pit na kumpidensyal; 3) ang pagsagot ng mga tagatugon sa mga pagsusulit, ibig sabihin ay sumasang-ayon silang maging bahagi ng pananaliksik bilang mga tagatugon; 4)ang mga tagatugon sa pagsusulit ay ipinakita sa pinagsama-samang anyo at hindi bilang mga indibidwal na pananaw, at 5) ang pananaliksik na isinagawa ay pangunahin para sa akademikong pangangailangan lamang.

Ipinahayag ng mga mananaliksik na ang lahat ng kagamitan o mga tuklas na hiniram mula sa iba pang mga mapagkuhanan at kasama sa tesis ay maayos na binanggit at kinilala.

## III. KINALABASAN AT PAGTALAKAY

### *A. Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Liham Bago Matalakay ang Wastong Gamit ng mga Bantas*

Inilahad ng Talahanayan 1 ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham bago matalakay ang wastong gamit ng mga bantas. Mula sa Talahanayan 1 na may kabuuang dalawampu't siyam (29) na magaaral sa Grade 11 ay may kabuuang bigat na 29.76 na may katumbas na paliwanag na Kasiya-siya. Walang nauuri sa Nangangailangan ng Pagpapabuti ngunit may isang nauuri sa Patas, 12 nauuri sa kasiya-siya, labing apat na nauuri sa Lubhang Kasiya-siya at dalawang Mahusay. Dahil dito, dapat bigyang-pansin ng isang manunulat ang paggamit ng wastong sulat, pagbaybay, at bantas upang maiwasan ang mga pagkakamali sa pagsulat (Javed, Juan, & Nazli, 2013).

**Talahayanan 1**
Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Liham
Bago Matalakay ang Wastong Gamit ng mga Bantas (N=29)

| Bilang ng Mag-aaral | Puntos sa *Pre-Test* | Simbolo |
|---|---|---|
| 1 | 38 | LKs |
| 2 | 34 | LKs |
| 3 | 35 | LKs |
| 4 | 43 | M |
| 5 | 20 | Ks |
| 6 | 20 | Ks |
| 7 | 28 | Ks |
| 8 | 30 | LKs |
| 9 | 25 | Ks |
| 10 | 26 | Ks |
| 11 | 26 | Ks |
| 12 | 30 | LKs |
| 13 | 20 | Ks |
| 14 | 38 | LKs |
| 15 | 34 | LKs |
| 16 | 33 | LKs |
| 17 | 38 | LKs |
| 18 | 34 | LKs |
| 19 | 15 | P |
| 20 | 25 | Ks |
| 21 | 38 | LKs |
| 22 | 30 | LKs |

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved 

cognizancejournal.com
Aries L. Busacay *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 206-215
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

| | | |
|---|---|---|
| 23 | 40 | M |
| 24 | 38 | LKs |
| 25 | 39 | LKs |
| 26 | 17 | P |
| 27 | 23 | Ks |
| 28 | 21 | Ks |
| 29 | 25 | Ks |
| | Mean 29.76 | Ks |

Legend:

| Iskor | Katumbas na pagpapaliwanag | Simbolo |
|---|---|---|
| 41 – 50 | Mahusay *(Excellent )* | M |
| 31 – 40 | Lubhang Kasiya-siya *(Very Satisfactory)* | LKs |
| 21– 30 | Kasiya-siya *(Satisfactory)* | Ks |
| 11 - 20 | Patas *(Fair)* | P |
| 0 – 10 | Nangangailangan ng Pagpapabuti *(Needs Improvement)* | NP |

Mula sa Manwal ng Komisyon ng Wikang Filipino noong 2014

Ang kabuuang pagganap ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsusulat muli ng liham bago matalakay ang wastong gamit ng mga bantas ay may kabuuang *mean score* na 29.76 na may katumbas na pagpapaliwanag na Kasiya-siya. Sa pagsubok ng kanilang kakayahan sa paggamit ng mga bantas sa pagsulat ng liham, napag-alaman na karamihan sa mga mag-aaral ay mahina sa pagsulat dahil hindi sila pamilyar sa karamihan sa mga bantas tulad ng kuwit, gitling, kudlit, tutuldok at mga bantas na alam nila ay tuldok, tandang pananong, tandang padamdam at panipi. Ito ay sa kadahilanang nagkakaroon ng hindi sapat na kaalaman at kalituhan sa paggamit ng mga ito sa liham.

Pinatunayan ito nina Krizan et al. (2010), para sa malinaw at matagumpay na pagsulat, kailangan ang wastong bantas. Nakatutulong ito sa mambabasa sa pag-unawa sa mensahe ng manunulat. Kapag nagsusulat, ang bantas ay tumutulong sa mga mambabasa sa pag-unawa sa nilalaman. Ang bantas ay nagpapahiwatig sa mga mambabasa kung saan matatapos ang isang kaisipan at magsisimula ang susunod, pati na rin ang pag-highlight ng mga ideya at paglilinaw ng kahulugan. Bilang resulta, ang mga mag-aaral ay dapat magkaroon ng masusing pag-unawa sa mga simbolo ng bantas, partikular na ang tuldok at kuwit. Ang kuwit, tuldok, tandang padamdam, at tandang pananong ay ang pinakakaraniwang mga bantas (Choo &Razemi, 2016).

Ito ay nagpapahiwatig na ang pala-palagay na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham bago matalakay ang wastong gamit ng mga bantas ay Tanggap sapagkat parehong Kasiya-siya ang naging resulta.

***B. Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Liham Pagkatapos Matalakay ang Wastong Gamit ng mga Bantas***

Ipinakita sa Talahanayan 2 ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng bantas. Mula sa Talahanayan 2 na may kabuuang 29 na mag-aaral ay 42.62 na bahagdan na mag-aaral na nauuri sa Mahusay na antas. Walang nauuri sa kasiya-siya, patas at sa nangangailangan ng pagpapabuti. Pinapatunayan ito ng pananaliksik ni Alker (2000), ang parehong mga guro sa elementarya at sekondarya ay naniniwala na ang kakulangan ng pag-unawa sa kung saan ilalagay ang bantas at ang layunin nito ay isang pangunahing salik sa mga mag-aaral na nakaranas ng mga paghihirap. Ang mga mag-aaral ay may posibilidad na mapabayaan ang paghinto o kuwit dahil hindi nila naiintindihan ang tungkulin ng mga bantas na iyon sa pagsulat. Ang salik na ito ay nag-aambag sa pagkakaroon ng pagkakamali ng bantas na nangyari sa nakasulat na wika. Ang

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved 

cognizancejournal.com
Aries L. Busacay *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 206-215
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

mga mag-aaral na nakauunawa at nakaaalam ng layunin ng pagsulat at bantas ay maaaring maglagay ng wastong bantas sa pamamagitan ng paglalagay ng mga tuldok at kuwit sa tamang lugar.

**Talahayanan 2**

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Liham
Pagkatapos Matalakay ang Wastong Gamit ng mga Bantas (N=29)

| Bilang ng Mag-aaral | Puntos sa *Post-Test* | Simbolo |
|---|---|---|
| 1 | 43 | M |
| 2 | 45 | M |
| 3 | 47 | M |
| 4 | 48 | M |
| 5 | 41 | M |
| 6 | 44 | M |
| 7 | 40 | M |
| 8 | 45 | M |
| 9 | 38 | LKs |
| 10 | 43 | M |
| 11 | 45 | M |
| 12 | 47 | M |
| 13 | 48 | M |
| 14 | 48 | M |
| 15 | 46 | M |
| 16 | 44 | M |
| 17 | 46 | M |
| 18 | 48 | M |
| 19 | 43 | M |
| 20 | 31 | LKs |
| 21 | 39 | LKs |
| 22 | 37 | LKs |
| 23 | 47 | M |
| 24 | 39 | LKs |
| 25 | 40 | M |
| 26 | 33 | LKs |
| 27 | 38 | LKs |
| 28 | 45 | M |
| 29 | 38 | LKs |
| | Mean 42.62 | M |

Legend:

| **Iskor** | **Katumbas na Pagpapaliwanag** | **Simbolo** |
|---|---|---|
| 41 – 50 | Mahusay *(Excellent )* | M |
| 31 – 40 | Lubhang Kasiya-siya *(Very Satisfactory)* | LKs |
| 21– 30 | Kasiya-siya *(Satisfactory)* | Ks |
| 11 - 20 | Patas *(Fair)* | P |
| 0 – 10 | Nangangailangan ng Pagpapabuti *(Needs Improvement)* | NP |

Mula sa Manwal ng Komisyon ng Wikang Filipino noong 2014

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved 

cognizancejournal.com
Aries L. Busacay *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 206-215
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 5.183
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ang kabuuang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas ay may kabuuang *mean score* na 42.62 na may katumbas na Mahusay. Ito ay nagpapahiwatig na ang pala- palagay na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng bantas ay Kasiya-siya ay tanggap.

Sa kasalukuyan, itinuturo ng mga guro sa Filipino ang gramatika alinsunod sa nakasaad sa Most Essential Learning Competencies o MELCs gamit ang mga sangguniang 'learning activity sheets", Pivot Module at iba pang mga sangguniang aklat sa Filipino. Bagaman sanay na ang mga mag-aaral sa ginagamit na kagamitang panturo, mas mainam na maging malikhain, mapamaraan, at maging inobatibo ang guro upang makaagapay sa kasalukuyang kalagayang pang-edukasyon at matugunan ang kakulangan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng gramatika (Misa, 2021).

Hindi napapansin ng mga mag-aaral na ang kuwit ay isang mahalaga at kapaki-pakinabang na kagamitan sa isang pangungusap na tumutulong sa kanilang paghiwalayin ang mga bagay sa isang listahan. Gaya ng ipinahayag ni Straus (2008) na upang maiwasan ang kalituhan, kailangan nating gumamit ng mga kuwit upang paghiwalayin ang mga salita at mga grupo ng salita na may serye ng tatlo o higit pa.Gayunpaman, pinabayaan ng mga mag-aaral ang mga kuwit sa pagitan ng bawat aytem at patuloy nilang isinusulat ang mga salitang iyon sa isang pangungusap.

Kapag binasa ng mga guro ang pangungusap, maaari itong magdulot ng kalituhan dahil sa kakulangan ng mga bantas (Choo & Razemi, 2016).

Ito ay nagpapahiwatig na ang pala-palagay na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas ay di-tanggap.

***C. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Liham Bago at Pagkatapos Matalakay ang Wastong Gamit ng mga Bantas***

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas. Dito ay makikita ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham sa *Pre-test* bago matalakay ang wastong gamit ng mga bantas at sa *Post-test* pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas. Ang *Mean Score* na 29.76 sa *Pre-test* ay may katumbas na pagpapaliwanag na Kasiya-siya at sa *Post-test* ay may *Mean Score* na 42.62 ay may katumbas na Mahusay.

**Talahayanan 3**

Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Liham Bago at Pagkatapos Matalakay ang Wastong Gamit ng mga Bantas

| Bilang ng Mag-aaral | Puntos ng *Pre-test* | Puntos ng *Post-test* | Pagkakaiba *(Difference)* | *Squared Differences* |
|---|---|---|---|---|
| 1 | 38 | 43 | 5 | 25 |
| 2 | 34 | 45 | 11 | 121 |
| 3 | 35 | 47 | 12 | 144 |
| 4 | 43 | 48 | 5 | 25 |
| 5 | 20 | 41 | 21 | 441 |
| 6 | 20 | 44 | 24 | 576 |
| 7 | 28 | 40 | 12 | 144 |
| 8 | 30 | 45 | 15 | 225 |
| 9 | 25 | 38 | 13 | 169 |
| 10 | 26 | 43 | 17 | 289 |
| 11 | 26 | 45 | 19 | 361 |
| 12 | 30 | 47 | 17 | 289 |
| 13 | 20 | 48 | 28 | 784 |
| 14 | 38 | 48 | 10 | 100 |
| 15 | 34 | 46 | 12 | 144 |
| 16 | 33 | 44 | 11 | 121 |
| 17 | 38 | 46 | 8 | 64 |

©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved 

cognizancejournal.com
Aries L. Busacay *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 206-215
**(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)**
**ISSN: 0976-7797**
**Impact Factor: 5.183**
**Index Copernicus Value (ICV) = 77.57**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 18 | 34 | 48 | 14 | 196 |
| 19 | 15 | 43 | 28 | 784 |
| 20 | 25 | 31 | 6 | 36 |
| 21 | 38 | 39 | 1 | 1 |
| 22 | 30 | 37 | 7 | 49 |
| 23 | 40 | 47 | 7 | 49 |
| 24 | 38 | 39 | 1 | 1 |
| 25 | 39 | 40 | 1 | 1 |
| 26 | 17 | 33 | 16 | 256 |
| 27 | 23 | 38 | 15 | 225 |
| 28 | 21 | 45 | 24 | 576 |
| 29 | 25 | 38 | 13 | 169 |
| | M= 29.76 | M= 42.62 | ∑=373 | ∑=6365 |
| | | | Mean = 12.86 | |

tcomp= 4.66
tdf= 28; 0.05 = 1.701
Desisyon: Tanggap

Sa kabuuan ng pag-aaral na ito ay mas mataas ang *mean score* mula sa 29.76 sa *pre-test* patungong 42.62 sa *post-test* ay nagpapakita na nagkaroon ng pagbabago sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas. Ang *computed T* ay 4.66 at ang kritikal *value* ng tdf; 28,0.05=1.701. Ang *computed T* ay mas higit sa kritikal value ng T na ang ibig sabihin na may pagkakaiba ang kahalagahan sa pagganap ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post-test*.

Sa ginawang pag-aaral naman ni Ichiano (2004), malubha ang mga kamalian sa pagsulat ng sulating pormal sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang antas pangsekundarya. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, kulang ang kaalaman ng mga mag-aaral sa nilalaman, organisasyon at mekaniks ng pagsulat ng isang sulatin. Ang mga kahinaang ito ay resulta ng kakulangan sa pagsasanay sa pagsulat ng mga mag-aaral. Hindi gaanong napagtutuunan ng pansin ang pagpapaunlad sa kasanayang pasulat sa mga nakalipas at kasalukuyang kurikulum. Sa pagpapatupad ng K to 12 kurikulum, lalong nadagdagan ang suliranin ng mga guro dahil sa kawalan ng mga modyul na may mga gawaing pasulat na madaling unawain at kawili-wili para sa mga mag-aaral. Dagdag pa, dahil sa pandemya mas lalong lumala ang problemang ito dahil hindi na masyadong nagabayan at naturuan ang mga mag-aaral.

Ito ay nagpapahiwatig na ang pala-palagay na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng liham bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas ay di-tanggap.

Ang pag-aaral ay nagpapakita ng makabuluhang papel ng mga guro sa pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagpapaunawa sa kanila ng kahalagahan ng mga bantas. Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga aktibidad sa pagkatuto sa antas ng mga pangangailangan ng mga mag-aaral upang mapabuti/pahusayin ang mga natatanging kasanayan sa pagsulat ng bawat mag-aaral (Cabigao, 2012).

## IV. KONKLUSYON

Batay sa mga kinalabasan ng pananaliksik, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo: May kasanayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng bantas subalit nangangailangan pa ng tamang paggabay; Ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral pagkatapos matalakay ang wastong gamit nito ay Mahusay dahil sa wastong patnubay at pagtuturo ng guro sa wastong gamit ng bantas; Ang antas ng kasanayan sa paggamit ng mga bantas ng mga mag-aaral bago at pagkatapos matalakay ang wastong gamit ng mga bantas ay may kabuluhan dahil sa matiyagang pagtuturo ng guro sa wastong pamamaraan sa paggamit ng bantas.

*©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved* 

cognizancejournal.com
Aries L. Busacay *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.5, Issue.1, January 2025, pg. 206-215
**(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)**
**ISSN: 0976-7797**
**Impact Factor: 5.183**
**Index Copernicus Value (ICV) = 77.57**

**PASASALAMAT**

Ang mga mananaliksik ay ipinaaabot ang walang hanggang pasasalamat sa lahat ng mga naging bahagi ng pag-aaral na ito:Una sa lahat sa ating Panginoong Maykapal, sa pagbibigay ng karunungan, tibay ng loob at sa patuloy na pamamatnubay; Dr. Margarita Cecilda Bulaqueña- Rillera, Pangulo, Baguio Central University sa kaniyang patuloy na pagganyak at nagsilbing inspirasyon sa mga mananaliksik sa kanilang hinarap; Dr. Genevieve B. Kupang, Dekana ng Paaralang Gradwado, sa kaniyang pagbibigay ng pahintulot na ipagpatuloy ang pananaliksik na ito;Dr. Maria Lourdes G. Eguia, guro at tagapayo, sa matiyaga at walang kapagurang pagwawasto, paggabay, pag-unawa, pagbibigay ng panahon at pagtulong sa mga mananaliksik na matapos ang pananaliksik bilang bahagi sa katuparan ng mga gawaing kinakailangan sa asignaturang MAF 209; Sa lupon ng mga tagasuri, sa tagapangulo na si G. Eugene M. De Guzman at sa mga kasapi na sina Dr. Perfecto M. Lopez at Dr. Maria Lourdes G. Eguia, lubos na pasasalamat sa kanilang pagbibigay ng mga mungkahi, tagubilin at pagwawasto sa mga mananaliksik para sa ikauunlad ng pananaliksik na ito; G. Marcial L. Lami-ing, Punong-Guro II, Rizal National High School sa kaniyang pagbibigay suportang moral at pahintulot na ipamudmod ang mga talatanungan ng pag-aaral na ito; at sa mga mag-aaral na mula sa Grade 11 bilang tagatugon sa kanilang pag-unawa, panahon na ginugol sa pagtugon at suporta sa pag-aaral na ito; Sa mga tagapangasiwa ng silid-aklatan ng Baguio Central University sa kanilang walang sawang paghatid ng serbisyo dahil sa mga aklat at iba pang sanggunian na naging batayan sa pananaliksik na ito.

# MGA SANGGUNIAN

1. Almario, V. S. (2014). *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat. Karapatang-sipi* © 2014 ni Virgilio S. Almario at ng Komisyon sa Wikang Filipino
2. Arcilla, J. (2019). *PH lowest in reading comprehension Manila Times (2019*). https://www.manilatimes.net/2019/12/05/news/top-stories/ph-lowest-in-reading comprehension/661643
3. Awad, (2012).*Rebyu ng pag-aaral ng Literatura Paggamit ng mga bantas.* https://www.studocu.com/ph/document/aklan-state-university/elementary-education/kabanata-ii-none/80499802
4. Badayos, P. B., et al. (1999). *Tambuli: aklat sa Filipino 2 ; wika*
5. Beldad, E. et al. (2020). *Kaalaman sa Paggamit ng Bantas ng mga Piling Mag- aaral na Nagsipagtapos sa Senior High School.* https://www.studocu.com/ph/document/titay-national-high-school/english/6-paggamit-ng-bantas/35489547 noong Disyembre 2020
6. Bordo (2012) *Kaalaman sa paggamit ng bantas ng mga piling mag-aaral na nagsitapos sa senior high school*. https://www.collegesidekick.com/study-docs/20331327
7. Bugtong, E. et al. (2024). *Hanap salita: Pagbabaybay sa wikang Filipino.* https://cognizancejournal.com/vol4issue5/V4I538.pdf
8. Crystal (2017) *Kaalaman sa Paggamit ng Bantas ng mga Piling Mag-aaral na Nagsipagtapos sa Senior High School.* https://www.studocu.com/ph/document/titay-national-high-school/english/6-paggamit-ng-bantas/35489547
9. Galanote, A. (2022). *Ang Ortograpiyang Filipino*. https://www.studocu.com/ph/document/university-ofeastern-philippines bachelor-of-secondary-education/fil102-modyul-8-ang-ortograpiyang filipino/86589344
10. Hayati, N. (2015). *A study of English language learning beliefs, strategies, and English academic achievement of the ESP students of STIENAS Samarinda*. Dinamika Ilmu, 15(2), 297-323.
11. Makadados (2015) *Kaalaman sa Paggamit ng Bantas ng mga Piling Mag-aaral na Nagsipagtapos sa Senior High School*. https://www.studocu.com/ph/document/titay-national-high-school/english/6- paggamit-ng-bantas/35489547
12. Misa, Rex. (2021), Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng Ramon Magsaysay State University, AJSSR, Volume-5, Issue-10, pp-58-68
13. Morong, D. N., et al. (2004). *Filipino 1 : kasanayang pangkomunikasyon*
14. Nordquist (2016) *Akademikong Sanaysay*. https://www.scribd.com/document/352452800/10-AKADEMIKONG SANAYSAY
15. Opino, B. (2023). *Kaalaman sa Ortograpiyang Filipino ng mga Mag-aaral.* Paaralang Gradwado ng Baguio Central University, Lungsod ng Baguio City.
16. Reynaldo, A. (2012). *Ortograpiya*.https://www.slideshare.net/slideshow/ortograpiya/142867 31
17. Villanueva, Perla M., et.al. *Writing Skills for College Freshmen*/ Publication details: Philippines: Katha Publishing Co., Inc, c1993.
18. Wilde, S. (1992). *You kan red this!: Spelling and punctuation for whole language classrooms*, K–6. Portsmouth, NH: Heinemann.

*©2025, Cognizance Journal, ZAIN Publications, Fridhemsgatan 62, 112 46, Stockholm, Sweden, All Rights Reserved* 